Republic of the Philippines
Department of Education
Negros Island Region
**DIVISION OF SILAY CITY**
City of Silay

# SPECIAL SCIENCE ELEMENTARY SCHOOL (SSES)

# ACTIVITY SHEETS IN FILIPINO 5

**Prepared by:**

**MRS. FARRAH JOANNE D. PAEZ**
**Teacher II**
**Silay South Elementary School**

Republic of the Philippines
Department of Education
Negros Island Region
Division of Silay City
LEARNING RESOURCES MANAGEMENT AND DEVELOPMENT SYSTEM
City of Silay

# COPYRIGHT NOTICE


Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

***"No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit."***

This supplementary material was originally developed by the writer, a Teacher II in the Special Science Elementary School, Division of Silay City, Department of Education. It may be reproduced solely for educational purposes on condition that the source be duly acknowledged.

This edition has been reproduced for print and online distribution through the Learning Resources Management and Development System (LRMDS) Portal, Department of Education, Division of Silay City.

# Gawain 1
# Pagkilala sa Sugnay

- Layunin: Nakikilala ang sugnay na nakapag-iisa at sugnay na di nakapag-iisa sa hugnayan, parirala, at pangungusap.
- Paksa: Pagkilala sa sugnay na nakapag-iisa at di nakapag-iisa
- Kasanayan: Pagsasalita

Gawain A
Panuto: Bilugan ang sugnay na nakapag-iisa at salungguhitan ng isang beses ang sugnay na di-nakapag-iisa.

1. Ang mga mag-aaral ay masipag na nagsisipag-aral dahil napapalapit na ang eksaminasyon.

2. Isa-isa niyang binanggit sa harap ng pulis ang mga pangalan ng kaniyang mga kaklaseng sangkot sa gulo.

3. Malakas ang ulan kaya hindi kami nakapunta sa inyo.

4. Nais makarating sa Amerika

5. Mabilis mag-isip ng paraan ang lider nila.

6. Naiwan sa bahay

7. Si Gino ay isang mabuting anak at masipag na mag-aaral.

8. Kung ganoon ang mangyayari

9. Taos-pusong tumulong

10. Kaliangan nating magsumikap upang maging maayos ang buhay.

Gawain B

Panuto: Bumubo ng limang sugnay na di nakapag-iisa gamit ang larawan sa ibaba.



1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. ______________________________________________

4. ______________________________________________

5. ______________________________________________

Gawain C

Panuto: Bumuo ng limang pangungusap na may sugnay na nakapag-iisa gamit ang larawan sa ibaba.



1.______________________________________________

2.______________________________________________

3.______________________________________________

4.______________________________________________

5. ______________________________________________

# Gawain 2
# Simuno at Panaguri

- Layunin: Natutukoy ang gamit ng simuno at panaguri sa pangungusap
- Paksa: Simuno at Panaguri
- Kasanayan: Pagsasalita

Gawain A:
Panuto: Magbigay ng mga payak na simuno.

1.________________________________________

2.________________________________________

3.________________________________________

4.________________________________________

5.________________________________________

Gawain B:
Panuto: Magbigay ng payak na panaguri.

1.________________________________________

2.________________________________________

3.________________________________________

4.________________________________________

5.________________________________________

Gawain C:
Panuto: Gamitin ang naibigay nang simuno at panaguri at pagsamahin ang mga ito upang makabuo ng makahulugang pangungusap.

1.________________________________________

2.________________________________________

3.________________________________________

4.________________________________________

5.________________________________________

Gawain D:
Panuto: Salungguhitan ng isang beses ang payak na paksa at dalawang beses ang payak na panaguri.

1. Kami ay nagsisimba tuwing Linggo sa Parokya ng San Diego de Alcala.

2. Kinalulugdan ng marami ang batang nagsusumikap kahit naghihikahos sa buhay.

3. Si Merciditа ay mahilig magbasa ng mga nobela.

4. Pagluluto ng piyaya ang hanapbuhay ng kanyang mga magulang.

5. Hindi hadlang ang kahirapan upang ang isang tao ay magtagumpay sa buhay.

Gawain E:
Panuto: Bilugan ang buong paksa at ikahon ang buong panaguri.

1. Sumama ang buong klase ni G. Aseral sa YES-O Camp sa SORETA, Patag.

2. Nalulungkot si Darwin dahil maiiwan siya sa kaniyang mga lolo't lola.

3. Maraming mga magulang ang nangingibang bansa upang maitaguyod ang pamilya.

4. Mahirap ang buhay nang malayo sa pamilya.

5. Ayon sa balita, maraming buhay ang nasawi sa kampanya laban sa droga.

Department of Education Division of Silay City

## Gawain 3
## Uri ng Pangngalan

- Layunin: Nakapag-uuri ng pangngalan sa pangungusap.
- Paksa: Uri ng Pangngalan
- Kasanayan: Pagsasalita

Gawain A

Panuto**:** Sipiin ang pangngalang may diin sa bawat pangungusap at tukuyin kung ito ay **Pantangi** o **Pambalana**.

1. Nagwawalis ng bakuran ng paaralan ang mga **mag-aaral** tuwing umaga.

2. Si **Gng. Victoriano** ay kasalukuyang nagbibigay ng pagsubok sa kanyang klase.

3. Marami siyang alagang **rosas** sa likod ng kanyang silid-aralan.

4. Sa **Barangay Lantad** siya nakatira.

5. Dinalhan siya ng isang **Samsung S3** na *cellphone* ng kanyang kapatid.

6. Binigay ito sa akin ng katabi ko noong **Pasko.**

7. Natutuwa ako sa aking alagang tuta na si **Marimar**.

8. Siya ay mabait at matulunging **kaibigan**.

9. Sa kanyang kaarawan, **bag** na pula ang ibinigay ko sa kanya.

10. Pareho kaming mahilig kumain sa **Golden Food Park.**

Gawain B

Panuto: Tukuyin ang bawat pangngalang pambalana sa ibaba kung ito ay **kongkreto** o **tahas, di-kongkreto** o **basal** at **lansakan.** Isulat ito sa tamang hanay sa ibaba.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| mansanas | kalayaan | talino | buwig | lapis |
| kasiyahan | suklay | aklat | grupo | madla |
| lupon | plato | diyaryo | edukasyon | koro |
| panaginip | pulutong | komite | mesa | poot |

| KONGKRETO O TAHAS | DI-KONGKRETO O BASAL | LANSAKAN |
|---|---|---|
| | | |

# Gawain 4
# Paggamit ng Pangngalan

- Layunin: Nagagamit nang wasto sa talata, usapan at balita ang pangngalan.
- Paksa: Paggamit ng Pangngalan sa Talata, Usapan at Balita
- Kasanayan: Pagsasalita

Gawain A

Panuto: Punan ang bawat patlang sa talata ng angkop na pangngalan. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| manggagamot | kuya | ina | Europa |
| bayan | bayani | guro | Africa |
| manunulat | Jose Rizal | plasa | pluma |

Si ______________________ ang ating pambansang bayani.
1
Siya ay isang magaling na ________________________. Ang
2
kaniyang __________ ang kaniyang naging unang _____________. Isa
3 4
siya sa ilan sa mga _________________ na kapag-aral sa
5
_________________________. Doon ay natutunan nila ang kaisipang
6
liberalismo. Naipakita niya ang kaniyangkatapangan at pagmamahal

sa ___________ gamit ang _____________ at papel. Si Jose Rizal ay isa
7 8
ring magaling na____________________, sa katunayan siya ang
9
gumamot sa kaniyang ina. Bilang isang bayani ang kanyang

monumento ay makikita sa bawat ________________ ng mga
10
lungsod.

Gawain B

Panuto: Bumuo ng isang maikling balitang lokal na may tatlo o apat na pangungusap sa kahit anong paksa. Salungguhitan ang limang pangngalang ginamit dito.

_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________
_______________________________________________________________

Department of Education
Division of Silay City

# Gawain 5
# Uri ng Simuno

- Layunin: Natutukoy ang posisyon ng simuno sa karaniwan at di-karaniwang ayos.
- Gawain A
  Panuto: Salungguhitan ang simuno at tukuyin kung ito ay nasa **unahan**, **gitna** o **hulihang bahagi** ng pangungusap. Isulat ang sagot sa patlang sa unahan ng bawat bilang.

____________________1. Masaya ang aming tahanan.

____________________2. Ang mga bata sa lansangan ay nagugutom.

____________________3. Madilim ang kalangitan.

____________________4. Ang aming Barangay ay mapayapa.

____________________5. Ang mga naglalaro ay maiingay.

____________________6. Maganda si Liza Soberano.

____________________7. Masama ang pakiramdam ni Nanay.

____________________8. Sila ay mamamasyal sa Silay Public Plaza.

____________________9. Umiiyak ang bata sa silid-aralan.

____________________10. Namili si Nanay sa Savemore.

Department of Education
Division of Silay City

# Gawain 6
# Posisyon ng Panaguri sa Pangungusap

- Layunin: Natutukoy ang posisyon ng panaguri sa karaniwan at di karaniwang ayos.
- Paksa: Pagtukoy sa Posisyon ng Panaguri sa Pangungusap
- Kasanayan: Pagsasalita

Gawain A

Panuto: Ikahon ang **panaguri** sa bawat pangungusap. Tukuyin ang posisyon kung ito ay nasa **unahan** o **hulihang bahagi**. Isulat ang sagot sa patlang sa unahan ng bawat bilang.

________________1. Sina Amanda at Terry ay masayang nakukuwentuhan sa labas ng kanilang silid-aralan.

________________2. Isang malaking isda ang nahuli ni TaTa Tasyo sa baybayin ng Guinhalaran.

________________3. Ang mga guro ay pupunta ng Boracay sa darating na bakasyon.

________________4. Bibili kami ng pasalubong sa El Ideal para kay Tatay mamayang hapon.

________________5. Ang aking nakababatang kapatid ay naghihintay na sa labas ng bahay nang kami ay dumating ni Nanay.

________________6. Ang mga bulaklak sa hardin ng Balay Negrense ay malalago at namumukadkad.

________________7. Nagtanim ng bakawan sa Balaring ang mag-aaral sa ikalimang baitang.

________________8. Lahat ng kaibigan ko ay imbitado sa kaarawan ng kapatid kong si Joana.

________________9. Sabik na sabik na siya sa kanyang kaarawan.

__________________10. Isang malaking regalo ang sorpresa sa kanya nina Tatay at Nanay.

# Gawain 7
# Uri ng Pangungusap

- Layunin: Nakikilala ang iba't ibang uri ng pangungusap.
- Paksa: Uri ng Pangungusap
- Kasanayan: Pagsasalita

Gawain A

Panuto: Tukuyin ang **uri ng pangungusap ayon sa gamit** sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa patlang sa unahan ng bawat bilang.

________________1. Saan kaya nakatira si Gng. Flores?

________________2. Takbo!

________________3. Magaling na manunulat si Gat Jose Rizal.

________________4. Pakiabot nga ng aking aklat.

________________5. Bakit ka umiiyak?

________________6. Aray! Inapakan mo ang paa ko.

________________7. Yipee! Kami ang nanalo!

________________8. Buksan mo ang pinto.

________________9. Bibigyan kita ng gantimpala kung madadala mo sa akin ang babaeng minamahal ko.

________________10. Wow! Ang sarap naman ng niluto mo.

________________11. Sino ang kasama mo sa bahay?

________________12. Paano mo nalaman ang nangyari sa akin?

________________13. Pakitawag nga ang Nanay ng batang ito.

________________14. Ano ang resulta ng pagsubok ninyo?

________________15. Itago mo ito sa ilalim ng kama mo.

Gawain B

Panuto: Lagyan ng **tamang bantas** ang sumusunod na mga pangungusap.

1. Aba at sumasagot-sagot ka pa
2. Ano ang pangalan ng kanyang magulang
3. Yehey pupunta kami sa Jollibee
4. Matalino at magaling magdrowing ang batang si Harold
5. Maraming bunga ang mangga namin
6. Naku naputol ang lapis ko
7. Takbo bilis
8. Saan mo ba kasi nailagay ang tsinelas mo
9. Si Lolo Berting ay may maraming alagang hayop
10. Gusto kong sumakay ng kalabaw